| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | DepEdClub.com | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File created by Ma'am JENALUZ P. MENDOZA | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | FEBRUARY 26 – MARCH 1, 2024 (WEEK 5) | Quarter: | 3RD QUARTER |


| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipapamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan | Naipapamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan | Naipapamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan | Naipapamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan | Naipapamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ng dayagram, diorama at likhang sining batay sa isyu o paksang napakinggan | Nakagagawa ng dayagram, diorama at likhang sining batay sa isyu o paksang napakinggan | Nakagagawa ng dayagram, diorama at likhang sining batay sa isyu o paksang napakinggan | Nakagagawa ng dayagram, diorama at likhang sining batay sa isyu o paksang napakinggan | Nakagagawa ng dayagram, diorama at likhang sining batay sa isyu o paksang napakinggan |
| C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | **F6PN-IIIe19**<br>Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan | **F6PS-IIIe-9**<br>Nakapagbibigay ng srailing solusyon sa isang suliraning naobserbahan | **F6WG-IIId-f-9**<br>Nagagamit ang iba't-ibang salita bilang pang-uri at pang-abay sa pagpapahayag ng sariling ideya | **F6PT-IIIe-1.8**<br>Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di-pamilyar na salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan<br>F6PB-IIIe-23 Naiisa-isa ang arguemento sa binasang teksto | F6PU-III-e-2.2<br>Nakasusulat ng tula |
| **II. NILALAMAN** | Pagsulat ng Lagom o buod sa tekstong napakingan | Pagbibigay ng sariling solusyon sa isang suliranin na obserbahan. | Paghahambing ng Pang-uri at Pang-abay | Makapabibigay ng kahulugan sa Pamilyar at Di-Pamilyar na salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinagagamitan. | Pagbuo/Paglikha ng Isang Tula/ Makasulat ng tula. |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |
| 2. Mga pahina sa Gabay ng Pang-mag-aaral | | | | | |
| 3. Mga pahina Teksbuk | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource | | | | | |
| B. Iba pang Kagamitang pangturo | Pinagyamang Pluma 6 pah. 48, 48<br>Power point presentation, Balita na kinuha sa internet | Yamang Filipino 6<br>Kwento o sanaysay, power point presentation | Pinagyamang Pluma 6<br>pah. 274 – 278<br>Worksheet power point presentation | Yamang Filipino 6<br>pah. 249-255<br>Tsart manila Paper, power point presentation | Yamang filipino 6<br>pah. 295-298<br>Iba't-ibang halimbawa ng mga tula, mga larawan, power point presentation. |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| A. Balik –Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin<br><br>(Panimulang Gawain) | A .Paunang Pagtatay<br>Ibigay ang paunang pagtataya sa ibaba upang malaman ang kahandaan ng mag-aaral para sa mga aralin.<br>Lagyan ng ☺ kung magagawa<br>at ☹ kung hindi magagawa.<br>a. Makaka buod ng kwento batay sa napanood..<br>b. Makakapag bigay solusyon sa isang suliranin.<br>c. Makasulat ng mga pangungusap gamit ang Pang-uri ay Pang-abay.<br>d. Makapag bigay ng kahulugan ng pamilyar at di pamilar na mga salita.<br>e. Makakasulat ng isang artikulong pang editorial.<br><br>Gamitin ang vocabulary knowledge scale sa pagtatasa sa talasalitaang gagamitin sa pangungusap.<br><br>**Vocabulary Knowlege Scale**<br>5- Alam ko ang salita at kayak ko itong gamitin sa pangungusap.<br>4- alam ko ang salita at alam ko ang kahulugan nito.<br>3-Nakita ko na ang salitang ito at palagay ko ito ang kahulugan.<br>2-Nakita ko na ang salitang itongunit hindi ko alam angkahulugan.<br>1- Hindi ko pa ito nakita at hindi ko alam ang kahulugan nito.<br><br>**Talasalitaan**<br>1. El Nino 4..PAGASA<br>2. Lalawigan 5. Nagbabala<br>3. La Nina | Balik Aral<br>Tungkol saan ang binasang kwento kahapon?<br>Bukod sa El Nino marami pang mga bagay na nakaka apekto sa ating kapaligiran maging sa mga mamamayan.<br>Mag papakita ng mga larawan ang guro.<br>1. Karamdaman<br>2. Maruming kapaligiran<br>3. Alkalde<br>4. Health Center<br>5. Respiratory diseas<br><br><br> | Balik Aral<br><br>Pag-usapan ang nakaraang aralin.<br>-anong nangyari sa mga taga San Mateo?<br>-bakit nangyari ito sa kanilang bayan?<br>-ano ang ipinanukala ng kanilang alkalde tungkol sa kahalagahan ng palagiang paglilinis ng kapaligiran?<br>-may disiplina ba ang mga taga San Mateo?<br>- kung ikaw ay isa sa mga nakatira doon ano ang iyong gagawin?<br>- ano ang na realize ng mga taga San Mateo sa nangyari sa kanila?<br>- saiyong palagay mag babago na kaya sila?<br><br>**Vocabulary Knowlege Scale**<br><br>5- Alam ko ang salita at kaya ko itong gamitin sa pangungusap.<br>4- Alam ko ang salita at alam ko ang kahulugan nito.<br>3- Nakita ko na ang salitang ito at palagay ko ito ang kahulugan.<br>2- Nakita ko na ang salitang ito ngunit hindi ko alam ang kahulugan.<br>1- Hindi ko pa ito nakita at hindi ko alam ang kahulugan nito.<br><br>**Talasalitaan**<br><br>1. Nabighani 4.inabuso<br>2. Sagana 5. Kasamaang<br>3.nakakasulasok palad | Balik Aral<br><br>Balikannatin ang Kwento Ilog Pasig: Noon at Ngayon<br><br>Isa-isang babasahin ng guro ang mga pangungusap na hango sa kwento. Uulitin ang pag babasa ng mga mag-aaral.<br><br>1 .Maganda ang mga nakasaad sa mga liriko ng kantang Anak ng Pasig, Ni Gineva Cruz.<br>2 .Ito ay isang mahalagang ruta ng pangtransportasyon.<br>3.Si Dr. Jose Rizal ay nabighani sa kagandahan ng ilog.<br>4. Napakarumi at nakasusulasok ang amoy na nanggaling sa ilog.<br>5. Tinayuan ng mga iba't ibang estrukturaang gilid ng ilog.<br><br>Sa mga pangungusap na ating binasa ano- anong mga pamilyar at di pamilyar na salita ang inyong nabasa?<br><br>Pamilyar:<br>kanta,mahalaga,kagandahan, napakarumi, tinayuan.<br><br>Di pamilyar:<br>liriko, ruta, nabighani, nakasusulasok, estruktura | Bago Sumulat.<br><br>Basahin ng guro ang tula at ipa ulit ito sa mga mag-aaral.<br><br>Dagat<br><br>Malalim, maalat<br>Lumangoy,umaalon,naglalayag<br>Tag-raw,bakasyon,barko, paglalakbay<br>Nanganganib,sinasagip,iniliiligtas,<br>Malawak,kaakit-akit<br>Karagatan<br><br>Ang inyong nabasa ay isang maikling tula. Paano nga ba maka buo o makasulat ng isang tula?<br>Kaya nyo kayang sumulat ng isang tula? Paano ba uumpisaan ang pag buo nito?<br>Sa tulang binasa natin paano itinugma ng nag sulat ang tula?<br>Tugma ba ang mga ginamit niyang salita?<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Punan ang patlang, piliin sa itaas ng talasalitaan ang angkop na salita upang mabuo ang pangungusap.<br><br>a. Ang_______mahabang panahon ng tag-init 0 tag tuyot.<br>b.Maraming_______ang apektado ng matining tag-init.<br>c.Ang _________ ay ang taga-ulat ng kalagayan ng panahon.<br>d.Ang _________ ay ang mahabang panahon ng tag-ulan.<br>e. ________ ang mga experto sa mga mamamayan sa matinding epekto nito.<br><br>Pamantayan sa pakikinig<br>Ano ang dapat gawin kung kayo nakikinig ng kwento o balita? (ibigay ng guro sa mga mag-aaral ang pamantayan sa pakikinig.) | Ano ang masasabi nyo sa mga larawan na inyong nakita? Isusulat ng guro ang mga sagot ng mga magaaral. Tatalakayin ito kung bakit nangyayari ito at kung ano ang magagawa ng ating punong lungsod sa mga suliranin na ito, at ano ang maaring gawin ng taong bayan upang malutas ang problemang ito. | | | |
| B. Paghahabi ng layunin ng aralin<br><br>(Pagmomodelo at Paglalahat) | Pagganyak<br>Ano ang El Nino? Ano ang epekto nito sa ating bansa? Maiiwasan ba natin ang pag kakaroon ng El Nino? May kaugnayan ba ito sa pagpapabaya ng mga tao sa ating kalikasan?<br>Iparinig n a ng guro ang balita<br><br>( Note:Maaaring gumamit ang guro ng radio o balita na nag mula sa television o kaya sa Youtube www.youtube.com watch?V;rokfcyB37WE)<br><br>PAGASA, nagbabala sa matinding epekto ng El Niño<br><br>Aabot sa anim na lalawigan ang apektado na ng dry spell dahil sa nararanasang El Niño phenomenon. | Paglalahad/<br>Pagmomodelo<br>Pagbasa ng isang sanaysay at pagkatapos ipahayag ang mga suliranin na nakapaloob dito.Basahin ang Sanaysay (Pakikiisa Tungo sa Pagbabago) (nakadikit ang kopya ng kuwento sa hulihan.)<br><br>- Maruming kapaligiran<br>- Pagtatapong basura kung saan-saan.<br>- Pagtatapong ng basura sa ilog.<br>- Walang disiplina ang mga taga San Mateo.<br>a. Ano ang katangian ng mga mamamayan na naninirahan sa san Mateo? Isa-isahin ang bawat tauhan. | Pagganyak<br>-Nakakita naba kayo ng ilog?<br>-Saan ninyo ito nakita?<br>- Bakit dapat natin pangalagaan an gating mga ilog?<br>- Alam nyo ba ang pangalan ng ilog na matatagpuan sa Maynila at karatig pook?<br>Paglalahad<br>Pagbasa ng kwentong “Ilog Pasig: Noon at Ngayon:” (nasa zerox ang kwento)<br><br>Ipabasa ang mga pangungusap. Suriin ang mga pangungusap at sagutin ang mga tanong sa ibaba.<br><br>1. Napakaganda ng ilog Pasig.<br>2. Napakagandang masdan ng ilog Pasig. | B. Ang mga salitang pamilyar ay madalas na nating naririnig o ginagamit sa ating pakikipag usap at ito ay ating naiintindihan samantalang ang di pamilyar na salita ay hindi natin madalas marinig o hindi ginagamit na madalas sa pag uusap.<br><br>Balikan natin ang mga salita at ibigay ang mga kahulugan nito.<br>Kanta – awit<br>Mahalaga- importante<br>Kagandahan- karikitan<br>Marumi- makalat<br>Tinayuan- tinirikan<br>Liriko- titik ng kanta<br>Ruta –mga dinadaang lugar ng mga sasakyan<br>Nabighani- naakit<br>Nakasusulasok- nakakasuka<br>Estruktura- mga gusaling itinatayo | B. Habang Sumusulat<br>. Ano-ano ang dapat tandaan sa pagsulat?<br>Ibigay ang mga pauntunan sa pag sulat.<br><br>Ang tula ay isang uri ng ating panitikan. Ang mga salita ginagamit ditto ay may iba’t ibang kahulugan kahit pareho ang baybay nito. Nagkakaiba ang mga ito ng bigkas |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Sa pahayag ng Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA), ang nasabing mga lugar ay kinabibilangan ng Laguna, Occidental Mindoro, Oriental Mindoro, Guimaras, Aklan at North Cotabato.<br><br>Makararanas naman ng tagtuyot ang Quezon, Camarines Norte, Northern Samar at Samar ngayong taon.<br>Tinukoy ng PAGASA ang pagtindi pa ng El Niño sa susunod na buwan.<br>Ayon sa PAGASA, bihira rin ang mga bagyo na papasok sa bansa sa unang bahagi ng<br>2016.<br>Inaasahang aabot sa anim na bagyo ang papasok sa Pilipinas mula ngayong buwan hanggang Abril.<br>Matatandaan na nagbabala ang US space agency na NASA laban sa epekto ng El Niño na maaaring kasing tindi ng naranasan ng maraming bansa, kabilang ang Pilipinas, noong 1998<br>Paglalahad / Pagmomodelo<br>Batay sa narinig ninyong balita, ano-ano ang mga mahahalagang impormasyon ang narinig ninyo sa balita?<br>(Isusulat ng guro ang mga sagot ng mga bata)<br>-Maaari bang gawin nating patalata ang mga impormasyong ito?<br>-Ano ang unang pangungusap na isusulat natin? | b. Tama ba ang desisyong ginawa ng alkalde para sa kanyang mamamayan? Bakit?<br>c. Ano ang nagyari sa mga mamamayan ng san Mateo? Paano ito malulunasan?<br>d. Kung mabibigyan ka ng pagkakataong maging alkalde ng bayan ng San Mateo, ano ang gagawin mo upang malutas ang suliranin ng iyong bayan?<br>Ano ang natutunan ng mga mamamayan ng San Mateo? Ilagay ang sarili sa sitwasyon. Ano ang iyong gagawin?<br><br>Paano ba ninyo iniiligpit at tinatapon ang inyong mga basura?<br>- Tama ba itong gawin? Bakit?<br>- Sa kwentong ating binasa ano ang gustong gawin ng alkalde ng san Mateo? Bakit?<br>- Nakiisa ba ang mga tao sa layunin ng alkalde?<br>- Anu-ano ang naging bunga ng kapabayaan ng ng mga tao?<br>- Ano ang kanilang napagtanto? Anu-ano ang mga solusyon sa mga suliraning kanilang kinakaharap? | 3. <u>Masaya</u> ang mga bata habang naglalaro sa ilog.<br>4. <u>Masayang</u> lumangoy sa malinis na ilog.<br><br>a. Ano ang mga salitang may salungguhit? ______<br>b. Pareho ba ito ng pagkagamit sa mga pangungusap? _______<br>c. Ano ang tungkulin ng salitang nakasalungguhit sa pangungusap bilang 1 at 3? ________. Sa pangungusap bilang 2 at 4? ________.<br>d. Ano ang tawag sa salitang nakasalungguhit sa pangungusap bilang 1 at 3? _______. Sa pangungusap bilang 2 at 4? _______.<br><br>Ang tawag sa mga salita na nakasalunguhit ay mga Pang-abay at Pang-uri.<br>Ang salitang nakasalunguhit sa pangungusap 1 at 3 ay mga Pang-uri at ang mga pangungusap 2 at 4 ay mga Pang-abay.<br><br>Ang pang-uri at pang-abay ay parehong naglalarawan o nag bibigay turing.<br><br>Pang-abay- ay nag bibigay- turing sa pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay. | Malalaman mo lang ang ibig sabihin ng mga di pamilyar na salita kung bibigyan ito ng kahulugan at kung ito ay ilalarawan. Sa pag lalarawan maari mong ibigay ang katangian ng tao bagay o pangyayari na iyong bibigyan ng deskripsyon. Maari din itong ilalarawan sa pamamagitan ng sitwasyong pinag gagamitan.Tulad ng mga sumusunod na pangungusap.<br><br>Lagyan ng angkop na salita ang mga patlang.<br>1.Kung ikaw ay nabighani, ikaw ay_______________<br>2.Ang nakasusulasok na amoy ay hindi masarap____<br>3.Maraming estrukturang itinayao sa gilid ng _______<br>4.Ang ruta n gaming sasakyan ay Cavite to______<br>5. Ang liriko ng awiting Anak ng Pasig ay________<br><br>Mag bigay ng ibang halimbawa ang guro gamit ang mga pamilyar na salita na nasa itaas. | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | (Ipapagpatuloy ng guro ang pagtatanong hanggang makabuo sila ng isang buod o lagom.)<br><br>Paglalahat:<br>Sa pagbibigay ng buod ng isang kwento, salaysay, o talata mahalagang makabuo muna ng balangkas na maaaring nasa ating isipan lamang o kaya ay maaari rin namang isulat.<br>Unang-una, isulat ang pamagat ng kwento.<br>Pangalawa, hatiin sa bahagi ang teksto batay sa kwento na bibigyang buod. Pangatlo, sa bawat paksa dapat mailalahad ang ang mga mahahalagang detalye na magbibgay ng mga kaisipang maguugnay sa paksa.<br>Ang isinasama lamang sa isang buod ay ang mga pangunahing tauhan, ang mga mahahalagang pangyayari, at ang kinahinatnan nito. Sikaping gamitin ang sarilng pangungusap sa paggawa ng buod upang ito ay maging mas payak at agad mauunawaan. | | Hal:<br>1.Nagpalipad nang mataas na saranggola ang mag-ama.<br>2. Totoong mahusay gumabay ang ama sa anak.<br><br>Pang-uri- ay nagbibigay-turing sa pangngalan at panghalip.<br><br>Hal:<br>1.Mahusay na ama ang nag sasalita sa tula.<br><br>2.Siya ay responsible. | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| C.Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin<br><br>(Pinatnubayang Pagsasanay) | Gawin Natin 1<br>Pangkatin sa apat na pangkat ang mga mag-aaral. Iparinig ang napapanahong balita at tulungan ng guro ang mga mag-aaral na ma buod ito sa pamamagitan ng pag kuha ng mahalagang detalye at isulat ito ng patalata.<br><br>MANILA, Philippines - Patuloy na pinag- iingat ng PagAsa ang publiko sa papasok na bagong bagyo na tatawaging ‘Lawin’ dahil mas malakas pa ito kaysa sa nagdaang bagyong Karen at posibleng maging sinlakas ng nagdaang super typhoon na Yolanda na kumitil ng maraming buhay at nagwasak ng mga ari-arian sa bansa.<br>Alas- 5 ng hapon kahapon, si Lawin ay namataan ng PagAsa sa layong 1,245 kilometro ng silangan ng Legazpi City, Albay at nasa labas pa ng Philippine Area of Responsibilty.<br>Kahapon ng hapon pumasok na sa PAR ang bagyong Lawin na nagtataglay ng hangin na umaabot sa 175 kilometro bawat oras malapit sa gitna at may pagbugso ng hangin na umaabot sa 215 kilometro bawat oras.<br>Ito ay kumikilos pakanluran hilagang kanluran sa bilis na 24 kilometro bawat oras.<br>Ngayong Martes ng hapon, si Lawin ay inaasahang nasa layong 975 kilometro ng silangan ng Baler, Aurora at sa Miyerkules ng hapon ay inaasahang nasa layong 400 kilometro ng silangan ng Casiguran, Aurora. | Gawin Natin 1<br>Pangakatin ang mga mag-aaral sa 4 na pangkat.Bawat pangat ay bibigyan ng guro ng manila paper na may naka guhit. Bigyan ang mga bata ng naka gupit na cartolina na may naka sulat ng mga katangian ng mga taga san Mateo idikit ito sa nakalaang ispasiyo.<br><br>Narito ang mga salita:<br><br>-Pabaya<br>-Walang desiplina<br>-hindi nakiisa<br>-walang malasakit<br><br>Ilarawan ang mga mamamayang naninirahan sa San Mateo.<br><br> | Gawin Natin 1<br><br>Bibigyan ng kopya ng mga pangungusap ang bawat mag aaral.Pasagutan ito sa loob ng tatlong minuto at mag palitan ang mga mag-aaral ng kanilang mga gawain sa gabay ng guro.<br>Isulat sa patlang ang PU kung pang-uri ang nakasalungguhit na salita at PA kung pang-abay.<br><br>____1. Inaabuso ng iba ang kalikasan upang kumita ng mas madali.<br>____2. Ang pagtatanggal ng basura sa ilog ang isa sa pinakamabisang pagliligtas sa ilog Pasig.<br>____3. Dahil sa patuloy na pagtapon ng basura sa mga ilog, nagiging marumi ang mga ito.<br>____4. Maraming namamatay na mga isada dahil marumi ang tubig sa mga ilog.<br>____5. Maraming kabataan ang namumulat na ang isipan sa pagliligtas ng ating mga ilog. | Gawin Natin 1<br><br>Pagbigay ng kahulugan sa Pamilyar at Di-pamilyar na salita.<br><br>Isulat ang ipinahihiwatig ng mga sumusunod na mga salitang ginuhitan.<br><br>1..Mahigit sa isang daang pinto an gaming kinatok at lahat sila ay nagtatangang kawali. Sila ay___________<br><br>2. Isang kahig, isang tuka ang buhay nina Marlo at Myrna. Sila ay_____________<br><br>3. Buong-giliw na pinagsilbihan ng magasawa ang mga panauhing ukulkumo ang tiyan. Ang mga panauhin ay_________<br><br>4.Sa isang kisapmata, nagbago ang anyo nina Mercury at Jupiter. Ibig sabihin nito ay_________<br><br>5.Nang sumapit ang bukang-liwayway, nagulat ang mga tao sa kanilang bayan. Ang ibig sabihin ng bukang-liwayway ay___________<br><br>- Mahirap<br>- magbingi-bingihan<br>- Nagugutom<br>- Iglap<br>- Ordinary<br>- mag-uumaga | Gawin Natin 1<br><br>Pangkatin ang mga bata sa 5 pangakt.<br><br>Magbigay ng isang alagang hayop at isulat ito bilang pamagat.<br>Bawat meyembro ng pangkat ay susulat ng tig isang linya na may limang salita tungkol sa alagang hayop.<br>Titingnan ng guro ang bawat pangakat kailangan hindi mag kakapareho ang kanilang mga Pamagat.<br>Ipabasa ito sa sa bawat isa at ipabasa ang kanilang isinulat (gabayan ito ng guro). |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan # 1<br><br>(Pinatnubayang Pagsasanay) | Gawin Natin 2<br>Basahin ng guro ang talatang nasa ibaba at pagkatapos ay ipabuod ito sa mga mag aaral sa tulong na rin ng guro.<br><br>**La Mesa Ecopark**<br>Mayamang mga puno, halaman, at katubigan sa lungsod! Tama, mamamangha ang mga bibisita sa La Mesa Ecopark sa iba't ibang uri ng mayayabong at matatayog na puno, makukulay na hanay ng mga halaman, at malawak at malalim na dam. Hindi maiisip ng namamasyal ditto na siya ay nasa siyudad. Ang tangi niyang mararamdaman ay kapiling siya ng kalikasan sa kagubatan. Bakit nga ba hindi? Patuloy itong pinauunlad at inaalagaan ng pamahalaan at ng iba't ibang samahang makakalikasan.<br>Maaaring magpiknik sa lilim ng mayayabong na puno rito. Maka-pag-eehersisyo rin ang pupunta rito. Maaaring maglibot paikot umakyat at bumaba sa di maabot ng paninging lupaing nasasakupan nito. Puwede ring sumakay sa Bangka upang maglayag habang pinagmamasdan ang mayamang kalikasan. Ngumingiti at kumakaway ang mga puno at halaman sa mga bisitang masayang namamasyal at nangangalaga sa kanilang kabutihan. Tunay na kakaiba ang karanasan at pakiramdam kapag kapiling ng makakalikasan ang likha ng Maykapal. | Gawin Natin 2<br>Bigyan muli ng manila paper ang bawat pangkat at ipagamit sa makabuluhang pangungusap ang mga salitang inilagay sa unang pagsasanay. Ipasulat ito sa manila paper at ipaskil sa pisara. | Gawin Natin 2<br><br>Punan ang mga patlang lagyan ng √ kung ang naka salunguhit ay Pang-uri at x kung Pang-abay.<br><br>____1.. Dapat ay <u>mahigpit</u> na ipatupad ang mga batas laban sa pagtatapong ng basura sa ilog.<br>____2.. Dapat ay <u>bukal sa loob</u> na makiisa ang bawat mamamayan sa mga programang pangkalikasan.<br>____3. Inaasahan na <u>lubusang</u> makikiisa ang bawat sector ng lipunan sa layuning ito.<br>____4. Sana ay <u>mas estrikto</u> ang mga batas sa pagpapanatiling walang nakatira malapit sa mga ilog o daluyan ng tubig.<br>____5. Kailangan bantayanh <u>maigi</u> ang mga lugar na dinadaluyan ng tubig. | Gawin Natin 2<br><br>Piliin sa ibaba ang salitang inilalarawan ng mga pangungusap. Isulat ang titik sa patlang.<br>_____1. Ito ay isang daluyan ng tubig.<br><br>_____2. Sobrang mabaho ang amoy na ito, na parang maduduwal ka.<br><br>_____3. Tinutukoy nito ang iba't ibang uri ng sasakyan, mapahimpapawid, mapatubig o mapalupa man.<br><br>____4. Binubuo ito ng mga gusali o kabahayan.<br><br>____5. Ito ay mga alituntunin na dapat sundin ng bawat mamamayan ng isang bansa.<br><br>a.ilog<br>b.nakasusulasok<br>c.transportasyon<br>d.estruktura<br>e.batas | Gawin Natin 2<br><br>Base sa nagawa ng mga bata muling ipasulat sa kanila ang kanilang ginawa at lapatan nila ito ng wastong tugma(tutulungan ng guro ang magaaral sa pag lapat ng tugma)<br>Halimbawa:<br><br>KUTING<br><br>Limang kuting nakaupo't<br>Sa aki'y nakatingin<br>Ang pangala'y Bring, Ring, Ping, Sing,Ting:<br>Tingnan mo't tumatakbo<br>Sa kaliwa at kanan:<br>Ngunit biglang sumipot<br>Ang asong si Bantay<br>At ang limang kuting<br>Nagngingiyaw at nagtakbuhan. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Panuto: Punan ang mga patlang upang mabuod ang talatang nasa ibaba.<br><br>La Mesa Ecopark<br>Ang La Mesa Ecopark ay may ______________________________.<br>Hindi maiisip ng mga namamasyal na ito ay nasa siyudad ang tangi nilang_________________________<br>_<br><br>Maaaring mag piknik ________<br>_________________________.<br><br>Puwede ring sumakay sa Bangka upang maglayag habang pinagmamasdan ang ____________.<br>Tunay nga na kakaiba ang karanasan_____________________. | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan # 2<br><br>(Pagpapalawak ng kasanayan) | Gawin Ninyo 1<br><br>Pangkatin ang mga bata sa apat na pangkat .At ipabuod sa bawat pangakat ang narinig/nabasang Sanaysay. Ipaalala sa mga bata ang mga hakbang sa pag buod.<br><br>Iparinig ang sanaysay na ito:<br>(Babasahin ito ng guro o maaring nasa power point at ipabasa sa nga mag-aaral)<br><br>Ayon sa pag-aaral,ang mga halaman sa loob ng isang opisina ay nakakabawas ng stress o pagkapagod ng isip ng mga taong nagtratrabaho rito. Lumitaw sa pagsaliksik na ang mga halaman ay isa sa mga dahilan kung bakit ang isang opisina ay mas nagiging kawili-wili sa paningin ng mga empleyado. Mas nagiging produktibo sila at kapaki-pakinabang ang oras na ginugol nila rito.<br>Ayon kay Professor Margaret Burchett ng University of Technology sa Sydney,Australia, inaalis ng mga halaman sa llob ng opisina o bahay man ang toxins sa hangin. Ayon sa kanya, ang toxins mula sa mga plastk na bahagi ng computer at telebisyon, mga pintura, carpet at maging sa iba pang gamit sa bahay o opisina ay malinis ng mga halaman. Dahil dito'y mas ligtas ang hanging ating nalalanghap kapag may mga halaman tayo sa paligid. | Gawin Ninyo 1<br><br>Sumulat ng mga solusyon na maaring gagawin ng mga taga San Mateo upang malutas ang kanilang suliranin.isulat sa loob ng bilog ang mga kasagutan.<br><br> | Gawin NInyo1<br><br>Bilugan ang panlarawansa pangungusap.Isulat ang PA sa patlang kung ito ay pang-abay at PU kung ito ay Pang-uri.<br>____1. Masuyong kinausap ng magulang ang kanyang anak.<br>____2. Ang magulang ay masuyong ama.<br>____3.Ang kanyang anak ay masunuring bata.<br>____4.Magalang na sumunod ang bata sa ina.<br>____5.Siya ay mapitagang sumagot sa nakatatanda. | Gawin Ninyo 1<br><br>Lagyan ng angkop na salitang nag lalarawan ang mga patlang. Piliin mula sa mga salitang nakalimbag sa ibaba.<br><br>- Agaran<br>- mas istrikto<br>- mahalaga<br>- patay<br>- mahabang<br><br>1.Ang ilog Pasig ay isang __________ ilog na nagdurogtong mula Laguna de Bay patungong Look ng Manila.<br>2. Noong panahon ng Kastila, ito ay isang _________ ilog para sakalakalan at industriyalisasyon.<br>3. Ngunit dahil sa pagpapabaya ang ilog na ito ngayon ay_________ na.<br>4. Kailangan ang_________ batas sa pagpapatira malapit ilog na ito.<br>5. Maililigtas pa rin natin ang ilog Pasig sa pamamagitan ng _______ pagaksyon. | . Gawin NInyo 1<br><br>Iparinig ang isang tugma tulad ng halimbawa ng nasa ibaba<br><br>Bayang Minamahal<br><br>Mutyang Pilipinas<br>Kilala sa mundo<br>Maganda ang lahat<br>Saan mang dako<br>Sa likas na yaman<br>Ay sagana ito<br>Bayang minamahal<br>Ay isang paraiso<br><br>Pag katapos itong ipabasa at iparinig sa mag aaral hayaan silang gumawa ng sarili nilang tugma o tula.<br>Ibigay ang mga pamagat na maari nilang pag babasihan :<br><br>Sa Ilog<br>Sa Lungsod<br>Sa Bukid<br>Sa Dagat<br>Sa Paaralan<br>Sa Mall<br>Sa Simbahan<br><br>Pagkatapos sabihin sa mga bata na mag palitan sila ng mga gawa nila at maari silang mag bigay ng mga suhistyon. |
| F. Paglinang sa kabihasaan (Tungo sa Formative Assessment) | Gawin Ninyo 2<br>Basahin ang balita at mag bigay ng lagom o buod tungkol dito. | Gawin Ninyo 2<br>Ang larawan ng isang babae na sa ibaba ay si Aling Lita ang ina ni | Gawin Ninyo 2 | Gawin Ninyo 2 | Gawin Ninyo 2 |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | La Niña sa kalagitnaan ng taon—PAGASA<br>MANILA, Philippines - Patuloy na pinag- iingat ng PagAsa ang publiko sa papasok na bagong bagyo na tatawaging 'Lawin' dahil mas malakas pa ito kaysa sa nagdaang bagyong Karen at posibleng maging sinlakas ng nagdaang super typhoon na Yolanda na kumitil ng maraming buhay at nagwasak ng mga ari-arian sa bansa.<br>Alas- 5 ng hapon kahapon, si Lawin ay namataan ng PagAsa sa layong 1,245 kilometro ng silangan ng Legazpi City, Albay at nasa labas pa ng Philippine Area of Responsibilty.<br>Kahapon ng hapon pumasok na sa PAR ang bagyong Lawin na nagtataglay ng hangin na umaabot sa 175 kilometro bawat oras malapit sa gitna at may pagbugso ng hangin na umaabot sa 215 kilometro bawat oras.<br>Ito ay kumikilos pakanluran hilagang kanluran sa bilis na 24 kilometro bawat oras.<br>Ngayong Martes ng hapon, si Lawin ay inaasahang nasa layong 975 kilometro ng silangan ng Baler, Aurora at sa Miyerkules ng hapon ay inaasahang nasa layong 400 kilometro ng silangan ng Casiguran, Aurora.<br>Dahil dito,inaasahan na ng ahensiya ang below normal rainfall sa Luzon at Visayas, habang sa ilang bahagi ng Mindanao ay makakaranas na ng "near-normal to above-normal rainfall conditions". (ROMMEL P. TABBAD) | Gino sa kwento. Anong uring maybahay si Aling Lita base sa inyong nabasa sa kwento, Anong naramdaman niya sa nangyari sa kanyang mga kapitbahay at ano ang dapat niyang gawin?<br>Isulat ang inyong sagot sa mga arrow.<br> | Bilugan ang salitang panlarawan sa pangungusap. Isulat kung ito ay pang-uri o pang-abay. Bumuo ng bagong pangungusap mula rito. Bawasan o dagdagan ang mga salita sa pangungusap upang ibahin ang tinuturingan nito.<br><br>Hal:<br>Pang-abay Tunay na maaasahan ng ama ang anak.<br>Pang-uri Ang maasahang anak ay hindi na sinasabihan pa ng gagawin.<br><br>______ 1. Pinakamaliit nay unit ng lipunan ang pamilya.<br>__________________________<br><br>_______2. Ang mga anak ay responsable sa kanilang tungkulin sa tahanan.<br>__________________________<br><br>_____3. Ang taong responsable ay hindi na naghihintay ng utos.<br>__________________________<br>_____4.Gumawa siya nang tamang sa lahat ng pagkakataon.<br>__________________________<br><br>_____5. Matagumpay ang bata dahil disiplinado at mahusay siya.<br>_________________________ | Piliin ang titik ng angkop na salita para sa pangungusap. Isulat sa patlang.<br><br>1.Kapag nakarinig ka ng matimyas at malambing na tinig, ikaw ay_____<br><br>a.natatakot c.nahahalina<br><br>b.natataranta d.nagagalit<br><br>2.Ang taong napaglalangan ay_______<br><br>a.nagwagi c. natalo<br><br>b.nasindak d. Nasira<br><br>3.Kung ang ilog ay nagkulay-pula, maraming_______<br>ang umagos.<br><br>a.dugo c.tubig<br><br>b.burak d. langis<br><br>4.Nang ipinangalan kay Handiong ang bigas na kanilang pananim,siya ay___<br>ng kanyang nasasakupan.<br><br>a.hinahangaan<br>b.kinasusuklaman<br>c.kinatatakutan<br>d.tinatawanan<br><br>5.Ang "ganitong panahon" ng isang lugar ay nangngahulugan ng______<br><br>a.kahirapan c. Kasalatan<br><br>b.kasaganaan d.kakulangan | Punan ng mga tugma ang bawat patlang upang mabuo ang tula. Makakatulon ang mga salitang pagpipilian sa ibaba.<br><br>kabukiran pagkataas-taas<br>lumalagaslas parang<br>halaman kapaligiran<br>prutas dagat<br>kabundukan<br><br><br><br>SA BUKID<br>I<br>Tayo ay mamasya sa_______<br>Kay gandang pagmasdan ang-----------------<br>Ang bundok, lambak,at_______<br>Luntiang paligid, puno ng______<br><br>II<br>Sagana sa gulay at__________<br>Sariwa ang isdang mula sa_____<br>Malinis ang tubig na__________<br>Buhat sa Talong____________ |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw araw na buhay<br><br>(Aplikasyon) | . Gawin Mo 1<br>Panuto:<br>Narito ang isang teksto na babasahin ng guro.Makinig kayong mabuti at pag katapos mag bigay kayo ng lagom o buod.<br><br>Balikbayan, Dagsa sa NAIA<br>MANILA, Philippines--- Libo-libong mga Pinoy balikbayan, OFWs, at mga turista ang nagsisidatingan sa Ninoy Aquino International Airport<br>(NAIA) terminals para sa kanilang Christmas vacation.<br>Ayon sa ulat, may 2000,000 pasahero galing sa ibat't ibang lugar ang nagsiuwi mula December 1-7 na karamihan ay pawang mga balikbayan.<br>At kahit maraming immigration officers ang nasa mga counters upang mag tatak ng kanilang mga passport mahaba parin ang pila ditto.<br>Halos nahihirapan na rin ang ilang balikbayan sa pag hihintay ng mga pushcart na gagamitin para lagyan ng kanilang mga bagahe sa dami ng mga pasaherong dumadating sa mga terminal ng paliparan.<br>Gayonman, ligtas ang lahat ng pasaherong dumadatin at umaalis sa NAIA dahil dinoble ang security personel dito. | Gawin Mo 1<br>Panuto:<br>Sumulat ng mga solusyon batay sa mga suliranin na nabasa sa kuwentong narinig isulat ito sa buong papel.<br><br>Ang Panawagan<br><br>Nanawagan si Kuwago sa kanyang mga kasamahan upang lutasin ang suliranin nila sa kagubatan. “Nauubos na ang mga punong kahoy dahil sa walang habas na pag putol ng mga tao, wala nang mga bungang kahoy na mapagkunan ng pagkain. Kung hindi tayo kikilos mamamatay tayo sa gutom.”Kailangan nating magkaisa upang malutas ang suliranin.<br>Mga solusyon na maaring gawin nga mga hayop upang maresulba ang kanilang problema.<br>1.________________<br>2.________________<br>3.________________ | Gawin Mo 1<br><br>Sumulat ng maikling talata kung paano mapangangalagaan ang ating mga ilog. Gumamit ng mga panguri at pang abay. | Gawin Mo 1<br><br>Lagyan ng angkop na sagot ang mga patlang ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar.<br><br>1. Mahirap ang buhay ng mag-asawa kaya madalas silang ____________________<br>2. Walang maayos na trabaho ang mag-asawa kaya ________________ sila<br>3. Dahil sa ganoon nilang kalagayan, madalas silang pintasan ng mga kapitbahay nilang _________________<br>4. Masinop at matipid ang mag-asawa. Hindi sila _________________<br>5. _____________ na lamang sila sa mga taong umaalipusta sa kanila. | Gawin Mo 1<br><br>Sumulat ng maikling tula base sa iyong pang araw-araw na ginagawa sa loob ng paaralan. |
| H. Pagtataya ng aralin<br><br>(Malayang Pagsasanay) | Gawin Mo 2<br><br>Mag parinig muli ang guro ng isang maikling tula. Ipabasa itong muli sa mga mag-aaral. Ipatala sa mga mag-aaral ang mga mahalagang detalye at mensahe ng tula. | Gawin Mo 2<br><br>Magbigay ng sariling sulosyon sa suliraning na obserbahan.<br><br>Ang Manok at ang Uwak | Gawin Mo 2<br><br>Kumpletuhin ang talata. Lagyan ng angkop na panguri o pangabay ang mga pangungusap.<br><br>____ ang problema ng Ilog Pasig ngayon, _____ ang tubig na | Gawin mo 2<br><br>Gamitin sa makabuluhang pangungusap ang mga pamilyar at di pamilyar na salita.<br><br>a.pagtigil sa paggawa | Gawin Mo 2<br><br>Sumulat ng maikling tula tungkol sa iyong Guro. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Handog**<br><br>Mayaman,maganda,at kahalihalina<br>Ang mga biyaya at Kanyang obrang Likha<br>Pinag-isipan, pinaghandaa’t Ginawa<br>Para sa mga taong minamahal Niya.<br><br>Ang lahat ng Kanyang ginawa at Nilikha<br>Sa mga tao inilaa’t inihanda<br>Pahalagahan mo ang mga handog na ito.<br>Kalingain mo’t paramihing totoo.<br><br>Hayaan ang mga mag-aaral na mag-aaral ang magdesisyon kung ilan ang puntos ang nais nilang ibigay sa bawat pamantayan)<br><br>1. Nakuha ang mga mahahalagang detalye<br>2. Nabuod ng wasto ang balitang napakinggan<br>3. Tama ang mga impormasyong at detalye<br>4..Naipamalas ang pakikiisa sa pangkat | Noong araw, magkaibigang matalik ang manok at ang uwak. Madalas dumalaw ang uwak kay inahin at makipaglaro sa mga sisiw nito. Isang araw, sa paglalaro nila, napansin ng manok na may magarang singsing ang ibon. "Uy, pahiram naman ng singsing mo. Ang ganda-ganda!" sabi niya sa uwak. "sige, iiwan ko muna ito sa iyo. Bukas ko na lang kukunin uli," sagot ng uwak na mabilis na lumipad uli. Naglalakad ang inahin at tuwang-tuwa na ipinakikita sa ibang hayop ang singsing niya nang lumapit ang isang tandang. "Bakit mo suot iyang di sa iyo? Iyang uwak ay hindi manok na tulad natin, kaya hindi ka dapat makipagkaibigan diyan. Itapon mo ang singsing!" Sa kapipilit ng tandang, itinapon ng inahin ang singsing. Kinabukasan, napansin agad ng uwak na di niya suot ito. "Nasaan ang singsing ko?" tanong ng ibon. "Ewan ko," takot na sagot ng manok."Naglalakad lang ako ay bigla na lang nawala sa mga kuko ko. Maluwag kasi."Nahalata ng uwak na nagsisinungaling ang manok dahil nanginginig ito. "Alam ko, itinapon mo siguro dahil ayaw mo na sa akin. Hanapin mo iyon at ibigay mo uli sa akin. Hanggang hindi mo naisasauli ang singsing, kukuha ako ng makikita kong sisiw mo at ililipad ko sa malayo." Buhat na nga noon, tuluy-tuloy ang pagkutkot ng manok sa lupa para hanapin ang itinapong singsing. At ang ibang mga manok, sa pakikisama sa kanya, ay naghahanap din. Kapag may lumilipad na uwak sa itaas, | dumadaloy sa _____ ilog na ito dati. Ngayon _____ nang ipinagbabawal ang paliligo at pagkuha ng tubig upang gawing inumin. Hindi na yata matututo ang mga _____ taong nakatira sa gilid nito. Kaya pala _____ na nadudumihan ang ilog simula ng tirhan ng mga _____ tao ang gilid ng ilog. _____ tao ang ginagawang tapunan ng basura., palikuran o banyo ang ilog. Kaya naman ____ ang panawagan ng gobyerno sa lahat ng kinauukulan. Sama-sama nating sagipin ang _____ ilog Pasig. Huwag tayong magbingi bingihan. Makiisa na! | b.bisita<br><br>c.makinis ang pagkakagawa<br><br>d. hinagpis<br><br>e.nakaganyak | (Hayaan ang mga mag-aaral na mag-aaral ang magdesisyon kung ilan ang puntos ang nais nilang ibigay sa bawat pamantayan)<br><br>1. Malinis ang pagkakasulat<br>2. Tama ang mga tugmang ginagamit |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | KABUUAN | mahigpit ang tawag ng inahin s amga sisiw at tinatakluban agad ng mga pakpak dahil baka danggitin ng uwak.<br><br>PAALALA: Maari ding lagyan ng guro ng rubrics gaya ng nasa una at huling araw. | | | 3. Naisaalang-alang ang palugit sa sulating papel.<br>4. Naisulat nang wasto ang tula<br>5. Naipamalas ang wastong pag-uugali sa pagsusulat<br>KABUUAN<br><br>PAALALA: Maari ring maibigay ang lingguhang pagsusulit o panapos na pagtataya sa tuwing ikalimang araw. |
| I. Karagdagan Gawain para sa takdang aralin at remediation | Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang kakayahan.<br><br>**May Kasanayan (Mag-aaral na nakakuha ng 80-100%)**<br>Manood o makinig ng isang balita sa television o radio at isulat ang buod ng balitang inyong napanood o napakinggan. Ibahagi ito sa klase kinabukasan.<br><br>**Tumutugon: (Mag-aaral na nakakuha ng 75-79%)**<br>Magbasa ng maikling talata at itala ang mga mahahalagang impormasyon nito. Ibahagi sa klase kinabukasan. | Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang kakayahan.<br><br>**May Kasanayan (Mag-aaral na nakakuha ng 80-100%)**<br>Isipin ninyo ang inyong mga suliranin bilang isang mag aaral at batay dito mag bigay kayo ng sariling sulosyon sa inyong mga suliranin.<br><br>**Tumutugon: (Mag-aaral na nakakuha ng 75-79%)**<br>Umisip ng dalawang suliranin ng isang mag-aaral at mag bigay ng sulosyon nito.<br><br>**Nagsisismula (Mag-aaral na nakakuha ng 74%-pababa)** | Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang kakayahan.<br><br>**May Kasanayan (Mag-aaral na nakakuha ng 80-100%)**<br>Ano ang pagkakaiba ng pang-uri sa pang-abay? Magbigay ng 5 halimabawa.Gamitin ito sa pangungusap.<br><br>**Tumutugon: (Mag-aaral na nakakuha ng 75-79%)**<br>Mag bigay ng dalawang pang-uri at tatlong pang-abay at gamitin sa pangungusap.<br><br>**Nagsisismula (Mag-aaral na nakakuha ng 74%-pababa)** | Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang kakayahan.<br><br>**May Kasanayan (Mag-aaral na nakakuha ng 80-100%)**<br>Gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na salita.<br>1.Estranghero<br>2.Nagpaunlak<br>3.Taingang kawali<br>4.Kisapmata<br>5.Isang kahig isang tuka<br><br>**Nagsisismula (Mag-aaral na nakakuha ng 74%-pababa)**<br>Ano ang ibig sabihin ng pamilyar at di pamilyar na salita | Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang kakayahan.<br><br>**May Kasanayan (Mag-aaral na nakakuha ng 80-100%)**<br>Sumulat ng maikling tula na may dalawang taludtod.<br><br>**Tumutugon: (Mag-aaral na nakakuha ng 75-79%)**<br>Ano ang tula? Ipaliwanag ito.<br><br>**Nagsisismula (Mag-aaral na nakakuha ng 74%-pababa)**<br>- Sumulat ng 3 pamagat ng tula na inyong nabasa. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Nagsisismula (Mag-aaral na nakakuha ng 74%-pababa)**<br><br>Manood o makinig ng balita at isulat kung ano ang mensahe ng baliat. | Itala ang mga suliranin ng isang mag-aaral. | Guhitan ang mga pang-uri at pang-abay sa pangungusap.<br>1. Mataas magpalipad ng saranggola ang bata.<br>2. Mapitagang bata ang anak.<br>3. Siya ay mapitagang sumagot sa nakakatanda. | **Nagsisismula (nakakuha ng 74%-pababa)**<br>. Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na salita.<br>1.Estranghero<br>2.nagpaunlak | |
| **V.MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya | | | | | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang Gawain para sa remediation | | | | | |
| C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | | | | | |
| D Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation? | | | | | |
| E. Alin sa mga estratehiyang pagtuturo na nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | | | | | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyon sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | | | | | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking ginamit/nadiskubre na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | | | | | |